Ang sinumang nagsanaysay tungkol sa akin sa isang ḥadīth, na nakikita na ito ay isang kasinungalingan, siya ay isa sa mga sinungaling."}

Ayon kina Samurah bin Jundub at Al-Mughīrah bin Shu`bah (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagsanaysay tungkol sa akin sa isang ḥadīth, na nakikita na ito ay isang kasinungalingan, siya ay isa sa mga sinungaling."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim sa Muqaddimah Niya]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagpaabot tungkol sa kanya ng isang ḥadīth habang ito ay nakaaalam o nagpapalagay o nananaig sa palagay nito na iyon ay isang kasinungalingan hinggil sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), ang tagapagsalaysay niyon ay nakikilahok sa nagkakalat ng kasinungalingang ito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/6982